Patakaran at Pamamaraang FI85
ng Houston Methodist

Paksa:
Collections Policy
(Patakaran sa Pagkokolekta
ng Utang)

Petsa ng Pagkabisa:
Enero 1, 2016

Natutungod sa:
Mga Ospital at
Samahan ng mga Manggagamot

Petsa Iniba / Isinuri
Enero 1, 2016

Inirekomenda ng:
Repasuhin Muli:
Revenue Cycle Council

Petsa kung Kailan Pinaplanong

Enero 1, 2019

I. PATAKARAN

Patakaran ng Houston Methodist ang siguruhin na kokolektahin ang mga halagang hindi pa nabayad ng mga pasyente para sa pangangalagang medikal na ibinigay ng Houston Methodist (mga pagkakautang) sa paraang propesyonal, magalang at sa oras. Sisingilin namin ang ganoong mga pagkakautang ayon sa umaayos at di-nagbabagong mga pamantayan at pamamalakad sa lahat ng mga pasyente ng Houston Methodist na hindi naging kwalipikadong tumanggap ng pinansiyal na tulong na 100% deskuwento. Itinatatag nitong patakaran ang mga hakbang na isasagawa kung sakaling hindi mabayad ang pagkakautang, kabilang ang mga gagawin ng mga collection agency (mga ahensiyang nangongolekta) na ikatlong partido. Hindi kailan gagamit ang Houston Methodist ng mga agresibong paraan sa pangongolekta, gaya ng mga wage garnishment, paglagay ng personal lien sa pangunahing bahay, pag-ulat sa credit bureau o iba pang legal na kilos. Ang mga simulaing pumapatnubay sa patakarang ito ay: tratuhin nang patas ang lahat ng mga pasyente, nang may dignidad at respeto, at siguruhin na malinaw ang mga naaangkop na pamamalakad sa pagsingil at pagkokolekta at pareho ang mga ito para sa lahat.

II. MGA KAHULUGAN

A. Self Pay - Ang mga pasyenteng walang insurance at responsibilidad nila ang lahat ng kanilang kailangang bayaran, itong halaga ay tinatawag na Self Pay.
B. Balanse pagkatapos Magbayad ang Insurance - Ang mga pasyenteng may insurance at ang kanilang balanse ay may bahagi na kailangan nilang bayaran (halimbawa, ang deductible, co-insurance, co-payment), itong halaga ay tinatawag na Balanse Pagkatapos Magbayad ang Insurance.

C. Responsibilidad ng Pasyente – Anumang mga halagang kailangan bayaran ng pasyente, kabilang ang mga halagang Self Pay at Balanse Pagkatapos Magbayad ang Insurance.
D. Pinansiyal na Tulong - Mga deskuwentong maaaring makuha ng pasyenteng walang insurance, hindi sapat ang insurance, hindi kwalipikado para sa anumang programa ng pamahalaan na nagbibigay ng mga benepisyo para sa pangangalagang pangkalusugan, at hindi kayang magbayad para sa kanilang pangangalaga, batay sa isang pagtiyak ng pinansiyal na kakayahan.
E. Bad Debt – Mga halagang kailangan bayaran ng pasyente na hindi nabayad sa loob ng 120 araw mula sa unang billing statement.
F. Mga Ahensiyang Nangongolekta na Ikatlong Partido – Isang ahensiya sa labas ng Houston Methodist, na nangongolekta sa ilalim ng kanilang pangalan para sa Houston Methodist ng mga bad debt, o mga halagang kailangan bayaran ng pasyente na hindi nabayad sa loob ng 120 araw mula sa unang billing statement.

III. MGA PAMAMARAAN SA PAGSINGIL

A. Maaaring hilingin ng Houston Methodist ang bayad para sa anumang mga halagang kailangan bayaran ng pasyente (patient responsibility) para sa pangangalagang medikal bago ibibigay, o ilang sandali bago ibibigay, ang pangangalaga (maliban kung ang pangangalaga ay kailangan sa isang emergency). Kapag emergency care o madaliang pangangalaga ang kinailangan, maaaring hilingin ng Houston Methodist ang bayad para sa anumang alam na mga halaga na dapat bayaran ng pasyente (payment responsibility) pagkatapos maibigay ang pangangalaga.
B. Kung hindi nabayaran ng pasyente ang Houston Methodist noong ibinigay ang pangangalagang medikal, sisingilin kaagad ng Houston Methodist ang pasyente para sa mga halagang dapat niyang bayaran (ang responsibilidad ng pasyente) pagkatapos naibigay ang pangangalaga sa isang pasyenteng Self Pay. Para sa mga pasyenteng may insurance, sisingilin namin ang pasyente para sa kanilang balanse pagkatapos magbayad ang kanilang (mga) insurance.
C. Hindi tatanggihan ng Houston Methodist ang pasyente, ipagpapaliban ang kanyang pangangalaga, o hihilingin na magbayad siya bago bibigyan ng kinakailangang pangangalaga, dahil hindi niya nabayaran ang mga dating singil ng Houston Methodist.
D. Kung ang isang pasyente ay kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong, ididiskuwento ng Houston Methodist ang halagang Self Pay ng pasyente (ang lahat na dapat nilang bayaran na responsibilidad ng pasyente) o ididiskuwento ng Houston Methodist ang kanilang balanse pagkatapos magbayad ang kanilang (mga) insurance (Balance After Insurance). (Tingnan ang Financial Assistance Discount Policy, o Patakaran sa Pagbigay ng Deskuwentong Pinansiyal na Tulong.)
E. Kung natantiya na malamang karapat-dapat tumanggap ang pasyente ng pinansiyal na tulong at natiyak na mas maliit ang halaga na dapat niyang matanggap, maaari siyang magsumite ng Financial Assistance Application kahit kailan sa proseso ng pangongolekta upang mapag-aralan muli kung mayroon siyang karapatan sa pinakamalaking halaga.

F. Sisingilin ng Houston Methodist ang mga pasyenteng mayroong anumang mga natitirang halagang Self Pay (mga halagang kailangan bayaran ng pasyente) at/o mga halagang kailangan bayaran ng mga pasyente pagkatapos magbayad ang insurance (Balance After Insurance amounts) sa pamamagitan ng normal na proseso ng pagsingil ng Houston Methodist, kung saan nagpapadala ang Houston Methodist ng hindi kukulang sa apat na statement sa panahon na hindi kukulang sa 120 araw.
G. Maglalakip ang Houston Methodist sa unang billing statement nito ng isang kopya ng buod ng Patakaran sa pagbigay ng Pinansiyal na Tulong (Financial Assistance Policy) ng Houston Methodist na madaling maintindihan.

IV. MGA PATAKARAN SA PANGONGOLEKTA

A. Sa unang 120 araw pagkatapos maipadala ang unang billing statement ng pasyente, hindi ihaharap ng Houston Methodist ang account sa ahensiyang nangongolekta na ikatlong partido (third party collection agency).
B. Para sa mga pasyenteng hindi kayang bayaran ang kanilang buong balanse, nag-aalok ang Houston Methodist ng mga plano kung saan pinahaba ang panahon ng pagbayad (extended payment options) nang hanggang 18 buwan, at hindi kailangan magbayad ang pasyente ng interes o multa. (Tingnan ang Extended Payment Option Policy, o Patakaran sa pagbigay ng Plano kung saan Pinahaba ang Panahon ng Pagbayad).
C. Kung hindi makatugon nang maganda ang pasyente pagkatapos ng 120 araw mula sa pagpapadala ng unang billing statement, itituring ng Houston Methodist ang di-nabayad na balanse bilang Bad Debt. Gagamit ang Houston Methodist ng aprobadong ahensiyang nangongolekta na ikatlong partido (third party collection agencies) upang magawa ang karagdagang pangongolekta sa mga account na itinuturing nitong Bad Debt.
D. Maaaring mag-apply ang pasyente para sa Pinansiyal na Tulong (Financial Assistance) kahit kailan, kahit nabigyan siya ng klasipikasyong “Bad Debt” o naharap ang kanyang account sa isang ahensiyang nangongolekta na ikatlong partido (third party collection agency).
E. Mangongontrata ang Houston Methodist sa mga aprobadong ahensiyang nangongolekta na ikatlong partido na hiniling nitong kolektahin ang mga Bad Debt. Oobligahin ng kontrata ang ahensiyang nangongolekta na ikatlong partido na sumunod sa mga patakaran ng Houston Methodist sa pangongolekta ng Bad Debt, o mga halagang kailangan bayaran ng pasyente na hindi nabayad sa loob ng 120 araw mula sa unang billing statement, at ipatupad ang parehong mga pamamaraan sa pagbigay ng Pinansiyal na Tulong at mga plano kung saan pinahaba ang panahon ng pagbayad.
F. Sisikapin ng mga third party collection agency (ahensiyang nangongolekta na ikatlong partido) na kolektahin ang mga hindi pa nabayarang pagkakautang (Bad Debt) sa pamamagitan ng pagtawag, mga email, mga sulat na nangongolekta (collection letter) at iba pang mga nararapat na paraan na aprobado ng Houston Methodist at alinsunod sa naaangkop na batas.
G. Bawal ang lahat ng mga ahensiyang nangongolekta na ikatlong partido na gumamit ng mga agresibong paraan sa pangongolekta (halimbawa, pag-uulat sa mga credit bureau; pagkuha ng mga judgment o mga personal lien o lien sa bahay, gusali o lupain; garnishment ng mga sahod).

V. PAGKAKATAONG MABASA ANG PATAKARAN

A. Web Site – Ilalagay ng Houston Methodist itong patakaran sa website nito sa http://HoustonMethodist.org/Billing. Maglalagay din sa website ng madaling makitang link kung saan libreng makaka-download ang mga mangbabasa ng PDF file nitong patakaran.
B. Papel na Kopya – Libreng padadalhan din kayo ng Houston Methodist sa pamamagitan ng koreo ng papel na kopya o email (elektronikong kopya) ng patakarang ito kapag hihilingin ninyo. Makakakuha din kayo ng kopya sa mga Patient Registration area, sa Centralized Billing Office, at sa mga Emergency Department.
C. Sa Ingles at Iba pang Wika – Sisiguraduhin ng Houston Methodist na makukuha ang patakarang ito sa Ingles at sa iba-ibang pangunahing wika ng maraming mga grupong sinisilbihan nito.
D. Impormasyon ng Makokontak –

Houston Methodist
Centralized Business Office
Attn: Self Pay Unit
701 S. Fry Road
Katy, TX 77450
Telepono: 832-667-5900 (lokal) o 877-493-3228 (libre)

VI. MGA MAPAGKAKATIWALAANG SANGGUNIAN

1. Patient Protection and Affordable Care Act of 2010 (Batas Hinggil sa Pagprotekta ng Pasyente at Abot-Kayang Pangangalaga ng 2010);
2. Internal Revenue Code Section 501r (Bahagi 501r ng Batas ng Internal Revenue Service);
3. Financial Assistance Discounts Policy (FI49) (Patakaran sa Pagbigay ng Deskuwentong Pinansiyal na Tulong); at
4. Extended Payment Options Policy (FI86) (Patakaran sa pagbigay ng Plano kung saan Pinahaba ang Panahon ng Pagbayad).

Inirekomenda ng Revenue Cycle Council
Aprobado ng CFO Council
Aprobado ng Houston Methodist Board of Directors

Pinahintulutan ng Chief Administrative Officer:

(Nakasalansan ang Pinirmang Orihinal na Dokumento)

_____ _____

M. Boom
Presidente
Punong Tagapagpaganap
Houston Methodist

Petsa